TCDSB Appropriate Dress Code Initiative

Mga Tanong at Sagot
Impormasyon para sa Magulang/Tagapangalaga

1. *Ano ang direksyon ukol sa pamantayan sa pananamit sa mga Paaralang Elementarya?*
Balak ng Toronto Catholic District School Board na baguhin ang *Dresss Code for Pupils Policy S.S 07* kasabay ng implementasyon ng *Appropriate Dress Code* para sa lahat ng paaralang elementarya sa September 2011. Ang Appropriate Dress Code ay nagbubuo ng kahit ano'ng kombinasyon ng kulay puti at asul/navy blue na kasuutan (gaya ng, plain na puting pang-itaas, navy blue na pang-ibaba; navy blue na pang-itaas at pang-ibaba; walang denim).

2. *Ano ang mga nakitang mga pakinabang ng Appropriate Dress Code?*
Maraming mga bentaha sa pagpapatupad ng Appropriate Dress Code.
   a. Nagtataguyod ng kaligtasan sa paaralan.
   b. Nagtataguyod ng pagsasali sa lahat at pagkapantay-pantay at tumutulong sa pagbaba ng hidwaang pang-sosyal.
   c. Naghihimok sa estudyante na maging pokus sa akademiks at hindi sa kanilang bihisan.
   d. Nagtataguyod ng identidad ng paaralang Katoliko.
   e. Nagpapadali sa pang-umagang kagawian para sa mga estudyante at magulang.
   f. Mas ekonomiko, nagbibigay sa mga magulang ng pagpipilian at pleksibilidad.
   g. Nagbibigay ng konsistensiya sa patakaran ng pamantayan sa pananamit sa elementarya at sekundarya.
   h. Nagpapadali sa transisyon mula sa paaralang elementarya patungo sa sekundarya dahil sanay na ang mga estudyante sa pagsusuot ng uniporme.

3. *Ano ang nagpabatid sa desisyon ng TCDSB na sumulong sa pagkakaroon ng Appropriate Dress Code?*
Ang samut-saring pinanggalingan ng impormasyon ang tumulong sa pasya ng Board na sumulong sa direksyon sa pagkakaroon ng pamantayan sa pananamit .

   Napagpasyahan ito sa mungkahi mula sa Board of Trustees, sa Miting nito sa Human Resources, Program and Religious Affairs Committee noong December 3, 2007, at tiniyak naman ng tauhan ng mga paaralan na pag-aaralan ang epekto ng pagpapatupad ng Uniform Dress Code sa lahat ng paaralang elementarya sa Board.

   Nagkaroon ng masusing esplorasyon ang TCDSB simula Enero 2008 hanggang February 2009 na nagsasali ng: surbey ng lahat ng paaralang elementarya kung saan tinanong ang uri ng pamantayan sa pananamit na kasalukuyang ginagamit at kung kailan huling kinunsulta ang komunidad tungkol dito; surbey ng mga magulang/tagapangalaga; pagsusuri ng mga literatura tungkol sa epekto ng uniporme sa mga paaralan; pagsusuri ng mga gawain at patakaran ng mga kodigo sa pananamit sa GTA Boards; pag-aaral ng mga kunsiderasyon sa mga gagastusin; at mga diskusyong grupo para mapag-aralan ang mga leksiyong natutunan mula sa mga paaralang elementarya sa TCDSB na mayroong Appropriate and Uniform dress codes.

   Kahit na alam namin na sa simula pa lamang, maaaring hindi lahat ng mga magulang/tagapangalaga ng mahigit kumulang sa 61,279 na mga estudyante sa elementarya, ay hindi nagkakasundo tungkol sa bagay na ito, may malakas na paniniwala na ang direksiyong ito ay para sa pinakamagandang interes ng mga estudyante at komunidad ng TCDSB .

4. *Bakit ang direksyon ay sundin ang Appropriate Dress Code kaysa sa Uniform?*
Ang Appropriate Dress Code ay napili kaysa sa Uniform Dress Code dahil sa ito ay mas mababa ang gastos, mas maraming mapagkukunan o mabibilhan, at mas maraming pagpipilian at pleksibilidad. (Kung interesado ang komunidad ng paaralan sa Uniform Dress Code, ang opsiyon na ito ay maaaring makuha at mapagdesisyunan sa lokal na paaralan.)

5. *Paano napagpasyahan ng TCDSB ang kulay puti at navy blue?*
Ang mga kulay na navy blue at puti ay naaayon sa kasalukuyang Dress Code policy. Matapos kunsultahin ang mga paaralan na kasalukuyang gumagamit ng Appropriate or Uniform Dress Code, nakumpirma na ang mga damit sa ganitong mga kulay (navy blue and white) ay madaling makuha sa maraming manininda sa inyong komunidad.

6. *Ano'ng mga damit ang maaaring isuot ng mga estudyante?*
Ang mga damit ay maaaring magsama ng mga sumusunod: shorts, skorts, palda, pantalon, cargo/capri pants, golf shirts, blusa, dress shirts, T-shirts.

7. *Kailan inaasahang ipatutupad ang inisyatibang ito sa lahat ng mga paaralang elementarya?*
Sa September 2011. Kinikilala ng TCDSB na ang iba't ibang paaralan ay nasa iba't ibang baitang ng pagiging handa sa inisyatibang ito. Ang petsa sa September 2011 ay nagbibigay ng matamang oportunidad para sa lokal na paaralang komunidad na makibahagi, makipagtulungan at matanggap itong inisyatiba. Direksyon ng TCDSB na maipatupad ang Appropriate Dress Code sa bagay na isinaalang-alang ang pagkakabukod-tangi ng bawat paaralan. Sa ilang komunidad, ang pagpapatupad ng Appropriate Dress Code sa 2009-2010 ay magandang simula.

8. *Kung ang aking paaralan ay kasalukuyang may Uniform or Appropriate Dress Code, ano ang implikasyon ng inisyatiba na Appropriate Dress Code sa aking paaralan?*
Sa kasalukuyan, mayroong 49 na paaralan na may Appropriate and/or Uniform Dress Code. Ang mga paaralang ito ay hindi inaasahang baguhin ang kanilang patakaran sa pananamit. Maaaring imbitahin ng Punong-guro ang mga miyembro ng mga paaralan na ibahagi ang kasalukuyang gawi nang mapadali ang matagumpay na pagpapatupad ng Appropriate Dress Code. Ang listahan ng 49 na mga paaralan ay makukuha sa Apendise ng report sa Supervision Team (The Board) noong February 25, 2009.

9. *Ano ang kasalukuyang dress code policy ng TCDSB?*
Ang TCDSB Dress Code for Pupils Policy S.S. 07 ay ang kasalukuyang patakaran na nagreregula sa pananamit ng estudyante. Ang patakaran ay nagbabalangkas ng tatlong uri ng Dress Code: General Dress Code, Uniform Dress Code at Appropriate Dress Code. Ang General Dress Code ay tumutukoy sa pangkalahatang tuntunin sa tinatanggap na pananamit sa paaralan (e.g., no halter tops). Ang Uniform Dress Code ay tumutukoy sa ispisipikong mga damit na kailangang bilhin sa ispisipikong supplier ng uniporme. Ang Appropriate Dress Code ay tumutukoy sa pananamit na may itinakdang kulay.

10. *Ano'ng mga opsiyon sa pamantayan sa pananamit ang maaaraming mapagpasyahan ng CSAC o ibang kumite sa lokal na sangay ?*
Ang mga opsiyon sa pananamit na maaaring lokal na madisisyunan ay :
- Detalye sa kasuutan (e.g., kuwelyo o walang kuwelyo na kamisadendro o shirt)
- Pagkakaroon ng iba pang dagdag na kasuutan (e.g., vests o tsaleko) at ang kulay nito
- Sagisag o Simbolo ng Paaralan
- Kasuutan na pang-gym
- Mga Aksesorya
- Pagsasagawa ng Uniform Dress Code sa loob ng itinalagang mga kulay para sa pangkalahatang komunidad ng paaralan o, bilang karagdagang opsiyon sa mga pamilya

11. *Ano'ng mga konsiderasyon ang ibibigay sa mga pamilya ng estudyanteng may espesyal na pangangailangan?*
Pagsisikapan ng mga paaralan na mabigyan ng akomodasyon ang mga batang may espesyal na pangangailangan patungkol sa Appropriate Dress Code. Ang mga akomodasyon ay mapagpapasiyahan sa pang-indibidwal na batayan at maaring magsali ng ispisipikong tela, iba't-ibang hakbang ng implementasyon, modipikasyon sa tela at iba pa.

12. *Ano'ng konsiderasyon ang ibibigay sa mga pamilya na maaaring makaramdam ng karagdagang pinansyal na pasanin dulot ng inisyatibang ito ?*
Ang TCDSB ay sensitibo sa mga pinansyal na pangangailangan ng mga pamilya. Ang mahalagang bentaha ng Appropriate Dress Code ay dahil ekonomikal ang pananamit. Ang desisyon para piliin ang Appropriate kaysa sa Uniform Dress Code sa elementarya ay dahil sa pagiging mas matipid nito. Ang pagkakaroon ng mga pamilya ng kalayaan na bumili ng navy blue at puting damit sa kahit saang tindahan, (kesa sa ispisipikong tindahan) ay magbibigay sa kanila ng mga pagpipilian at pleksibilidad. Pinatunayan ng mga magulang at tauhan sa mga paaralang elementarya ng TCDSB na mas makatitipid sa pagkakaroon ng Appropriate Dress Code at ang pagkakaroon ng appropriate dress items ay nakatutulong na pagkaisahin imbes na pag-bukod-bukudin ang mga estudyante sa iba't ibang estado o kakayahan sa sosyo-ekonomik. Nagbigay din ng mga ilang istratehiya ang mga miyembro ng paaralang ito upang masuportahan ang mga pamilya:
- Mag-organisa ng pagpapalitan ng bahagyang ginamit na mga damit (used clothing exchanges) sa pamamagitan ng pangongolekta ng mga naaayong damit mula sa kaparehang paaralan o mga mas nakatatandang estudyante.
- Ipagbigay alam sa mga guro at tauhan na mayroong emergency funds na makatutulong sa mga pamilya na gipit at nangangailangan ng suporta sa Appropriate Dress Code.
- Esplorahin ang iba't ibang aregla sa mga lokal na supplier at manininda/tindahan .

13. *Ano'ng mga suporta ang makukuha para matulungan ang inyong paaralang komunidad sa inisyatiba ?*

May mga ilang suporta ang maaaring makuha upang matulungan ang inyong komunidad:

- Ginagawa na ng Sentral na Kumite para sa Appropriate Dress Code ang mga detalye sa posibleng implementasyon ng inisyatibang Appropriate Dress Code sa lahat ng paaralang elementarya sa TCDSB.
- Ang report noong February 25, 2009 sa Supervision Team (The Board) ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa inisyatiba, naglalarawan ng samut-saring pinanggalingan ng impormasyon kung paano napagpasyahan ang direksyon ng Board at nagbabalangkas ng pinakahuling rekomendasyon ng Board ukol sa Appropriate Dress Code initiative. Ang mga Appendise ng ulat na ito ay nagbibigay ng detalyadong impormasyon tungkol sa positibong epekto ng uniporme sa paaralan mula sa iba't ibang literatura, ang mga patakaran sa pananamit sa buong GTA school boards, ang mga pangalan ng TCDSB schools na kasalukuyang gumagamit ng Appropriate or Uniform Dress Code, ang mga leksyong natutunan at mga konsiderasyon sa gastusin.
- Dokumento ng Mga Tanong at Sagot para sa Prinsipal/Bise-Prinsipal, CSAC Chair at Kinatawan ng CPIC.
- Polyeto o pamphlet para sa magulang na nagpapaloob ng mga karaniwang tanong tungkol inisyatiba sa Appropriate Dress Code.
- Isang pamarisan na sulat o sample letter para sa mga magulang/tagapangalaga at newsletter ay ibibigay sa mga paaralan.
- Magkakaroon ng webpage kung saan makikita at makukuha ang mga dokumento tungkol sa Appropriate Dress Code initiative.
- Pagsasalin sa iba't ibang lengguwahe ng komunikasyon sa mga magulang/tagapangalaga .
- Sa maraming panahon, ang 49 TCDSB elementary schools na may kasalukuyang Uniform or Appropriate Dress code ay nakabuo ng iba't ibang mga istratehiya para mailunsad ang pagkakaisa ng paaralan sa layuning ito. Maaaring imbitahin ng mga paaralan ang mga punong-guro ng mga paaralang ito upang magbahagi ng leksiyong natutunan sa kanilang karanasan sa pagpapatupad ng dress code. Maaari ring imbitahin ng mga paaralan ang mga magulang at tauhan mula sa mga paaralang ito upang magsalita sa lokal na miting at komunsulta at magbahagi ng mga natutunan.

14. *Paano nabigyan ng representasyon ang mga opinyon ng miyembro ng TCDSB community?*

Ang Sentral na Kumite ng Appropriate Dress Code ay binubuo ng kroseksiyon ng mga trustees, tauhan ng Board (pang sentral), mga magulang at mga guro na may eksperiensya sa parehong may uniporme at walang uniporme na mga paaralan. Ang kinatawan mula sa mga Magulang ang pinakarami sa Kumite para masigurong ang iba't ibang pananaw ng mga magulang ay maibahagi at marinig.

15. *Kung ang mga magulang/tagapangalaga o estudyante ay may mga agam-agam, tanong o kumento tungkol sa Appropriate Dress Code initiative, sino ang maaaring tanungin ?*

Kailangang kuntakin ng mga Magulang/Tagapangalaga o Estudyante ang kanilang punong-guro/Pangalawang Punong-guro o CSAC Chair upang maibahagi ang mga agam-agam, tanong o kumento tungkol sa Appropriate Dress Code initiative.